CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO

GENERAL SERVICES AGENCY
OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT
PATRICK MULLIGAN, DIRECTOR

Ordinansa ng Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan
Health Care Accountability Ordinance (HCAO)

ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN - HULYO 1, 2022

Ang pasabing ito ay naglalayon na ipaalam sa inyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa ng Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan [Health Care Accountability Ordinance (HCAO)], Kabanata 12Q ng Kodigo ng Pampangasiwaan ng San Francisco (San Francisco Administrative Code). Ang HCAO ay nag-aatas sa inyong employer na pagkalooban kayo ng segurong pangkalusugan. Maaaring gawin ito ng inyong employer sa pamamagitan ng pagpapatala sa inyo sa isang planong pangkalusugan, sa pagbabayad sa Lungsod, o, sa ilalim ng limitadong pangyayari, sa pamamagitan ng deretsong pagbabayad sa inyo. Ang Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) ay ang namamahala sa pagpapatupad ng Ordinansang ito. Hihingin sa inyo na lumagda sa dokumentong ito pagkatapos ninyong repasuhin ang sumusunod na impormasyon. Huwag lagdaan ang dokumentong ito hanggang lubos na ninyong nauunawaan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

ANG MGA BAHAGI NG HCAO

I. Kung naninirahan kayo sa San Francisco (kahit saan man kayo nagtatrabaho) o kung nagtatrabaho sa San Francisco, sa San Francisco Airport, o sa San Bruno Jail, ang inyong employer ay dapat:

A. Mag-alok ng pagsakop ng pangkalusugan na tumutugon sa Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards) na nagsisimula sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ng inyong unang araw ng trabaho *; **O**

B. Para sa bawat buwan na kung saan kayo ay may katamtaman na kahit na 20 oras ng trabaho kada linggo, bayaran ang Lungsod ng $6.10 kada oras para sa bawat oras na inyong trabaho, hanggang sa 40 oras o $244 kada linggo.

II. Kung hindi kayo naninirahan sa San Francisco at hindi nagtatrabaho sa San Francisco, sa San Francisco Airport, o sa San Bruno Jail, ang inyong employer ay dapat:

A. Mag-alok ng pagsakop ng pangkalusugan na tumutugon sa Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards) na nagsisimula sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ng inyong unang araw ng trabaho*; **O**

B. Para sa bawat buwan na kung saan kayo ay may katamtaman na kahit na 20 oras ng trabaho kada linggo, bayaran kayo ng $6.10 kada oras para sa bawat oras na inyong trabaho, hanggang sa 40 oras o $244 kada linggo, upang makakuha kayo ng pagsakop ng segurong pangkalusugan sa inyong sarili.

Ipinapaalala na ang inyong employer ay dapat mag-alok ng kahit na isang plano na hindi nag-aatas sa inyo na magbigay ng kontribusyon ng anumang halaga tungkol sa halaga ng premium para sa pagsakop ng planong pangkalusugan para sa inyong sarili.

PAGKALIBRE MULA SA PAGSAKOP
Ang ilang mga kategorya ng mga kawani, kabilang ngunit hindi limitado sa mga estudyante, nagsasanay, at mga kawani ng mga employer sa ilalim ng mga pangangailangan ng Umiiral na Pasahod (Prevailing Wage), ay hindi saklaw sa ilalim ng HCAO. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa www.sfgov.org/olse/hcao o tumawag sa (415) 554-7903.

BOLUNTARYONG PAGPAPAUBAYA NG PAGSAKOP
Ang mga kawani ay maaaring tanggihan ang pagsakop ng pangkalusugan na inaalok ng isang employer kung ang kawani ay lumagda sa Pormularyo ng Boluntaryong Pagpapaubaya (Voluntary Waiver Form). Ang mga kawani ay maaaring pawalang-saysay ang boluntaryong pagpapaubaya na ito sa anumang oras.

PAGBABAWAL NG PAGGANTI
Ang inyong employer ay hindi maaaring gumanti laban sa inyo o sa sinumang iba pang kawani dahilan sa pagsisikap na matuto ng higit pa tungkol sa HCAO o pagganap sa inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung sa inyong paniniwala kayo ay nakaranas ng diskriminasyon o pagganti dahilan sa pagtatanong tungkol sa HCAO o pagganap ng inyong mga karapatan sa ilalim ng HCAO, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 upang maghain ng reklamo sa HCAO.

Huwag lumagda sa dokumentong ito hanggang lubos na ninyong nauunawaan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung mayroong anumang mga tanong tungkol sa mga responsibilidad ng inyong employer o sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansang ito, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 o bumisita sa http://sfgov.org/olse/hcao para sa higit pang impormasyon tungkol sa batas na ito.

Pangalan ng Kawani Petsa

Lagda ng Kawani

PAALALA: Para sa kumpletong kopya ng Ordinansa ng Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Accountability Ordinance) o ng Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards), bumisita sa http://sfgov.org/olse/hcao.